**IKA-31 ARAW NG E.C.Q.**
*by Michael Andio Suan*

Sa agahan;
nakalatag ang báhaw,
ang kapeng mapait,
ang kutsarang maingay.

Sa tanghalian;
nakahain ang umuusok na kánin,
ang sikat na sardinas na Ligo
at ang hilong-hilo na plato.

Sa hapunan;
magsasaing ng bigas na 'sang takal,
papainitan ang preparadong pansit,
mananalangin ng tahimik.